

Ano ang ibig sabihin ng home isolation?

- ▶ Ang home isolation ay nangangahulugan ng pananatili sa sariling tahanan at hindi paglabas sa mga pampublikong lugar.
- ▶ Ang pangunahing layunin ng mga hakbang sa pagpapatupad ng home isolation ay upang mapanatiling hiwalay ang virus at maiwasan ang pagkalat nito.
- ▶ Ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang siyang magdedesisyon kung ang isang tao ay kandidato para isailalim sa home isolation. Susuriin nila ang mga pamantayang klinikal, mga kalagayan ng kalusugan at panlipunang kapaligiran.
- ▶ Ang mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan ay patuloy na makikipag-ugnayan sa apektadong tao at masusi nila itong susubaybayan.
- ▶ Ang mga taong nasa home isolation ay maaaring magpatuloy na manirahan kasama ang mga taong naninirahan sa kanilang tahanan at ang lahat ay kailangang magsagawa ng mga hakbang na ibibigay ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

